Amburayan Research Journal
Tagudin Campus- Quirino, Tagudin, Ilocos Sur https://ispsc.edu.ph/

# PAGSUSURI SA BAYA-O NG BARANGAY SAN ELIAS, SIGAY, ILOCOS SUR

❖ MERCADO, PRINCESS MAE O. mercadoprincessmae3192000@gmail.com
❖ PADSING, CHRISMA E. chrismaepadsing@gmail.com
❖ LOMBOY, GEMMILY C. lomboygemmily@gmail.com
❖ BUNIAS, JOAN L. buniasjoan@gmail.com
Orcid Number 0009-0007-5741-0990
0009-0000-8332-3136
0009-0009-7876-6827
0009-0007-2951-8849
College of Teacher Education
Ilocos Sur Polytechnic State College
Quirino, Tagudin, Ilocos Sur

## ABSTRAK

*Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri sa baya-o ng San Elias, Sigay, Ilocos Sur. Pakapa-kapa approach ni Rogelia Pe-Pua ang ginamit upang ilarawan ang iba't ibang aktibidad ng mga piling mamamayan. Ginamit rin ang tematikong pagsusuri para sa pag-aanalisa sa mga datos na nakalap gayundin ang member checking para sa balidasyon ng awtput. Napag-alaman ang tatlong paraan sa pagsasagawa ng baya-o: una, pag-abiso- pagpapakilala, pagpaalam sa pagbaya-o at pagsasabi sa mabubuting nagawa ng patay; ikalawa, pagtitipon- pagtitipon ng matatanda at salitang pagbabaya-o na maaaring sumasang-ayon o hindi sa naunang nagbaya-o; at panghuli, pagpayag- salitang pagbabaya-o ngunit iisa ang nilalaman at kapag may hindi nakasunod ay bibili ng alak na iinumin ng mga nagbabaya-o. Natuklasan din ang mga kulturang nakapaloob sa pagbabaya-o: Paghingi ng kapatawaran; pagsasabi sa kadakilaan ng namatay; paghiling sa pagtanggal ng sakit; at, pakikisimpatiya at pagmamalasakit sa mga naiwan ng patay. Ang pamphlet ay malinaw na naglalaman ng nilalaman na kapaki-pakinabang at katanggap-tanggap. Iminumungkahi ng mga mananaliksik na pag-aralan ang mga paraan sa pagsasagawa ng baya-o upang mas maunawaan kung paano ito ginagawa gayundin na alamin ang iba pang kulturang nakapaloob dito at sa mga magsasagawa ng katulad na pananaliksik na bumuo ng iba pang Information Educational Communication materyal para sa pagpapanatili ng pasalindilang kultura kagaya ng baya-o.*

***Mga susing salita: kultura, pamphlet, baya-o, lamay, elehiya, aliw, simpatiya, damayan***

## ABSTRACT

*The study analyses the baya-o of the Barangay San Elias, Sigay, Ilocos Sur. The researcher's used Rogelia Pepua's descriptive approach to detail participants' activities, alongside thematic analysis for data interpretation and member checking for validation. Three methods of baya-o are identified: notification—introduction, farewell to commemorating and telling the good deeds of the dead; second, gathering—the gathering of elders and taking turns in chanting that may or may not agree with the previous chanter; and lastly, taking turns in chanting, but the content is the same, and when someone does not follow, they will buy wine to drink for those who gathered in the wake. The pamphlet clearly contains content that is useful and acceptable. The researchers suggest that all must study the techniques for doing baya-o to better understand how it is done and know the different cultures that are included in the practice of baya-o. The researchers recommend that people conducting similar studies produce alternative Information Educational Communication materials for the preservation of oral culture, such as baya-o.*

***Key words: culture, pamphlet, baya-o, sympathy, consolation, empathy***

# I. INTRODUKSIYON

Sa bansang Pilipinas, matatagpuan ang sari-saring mga pulo na tahanan ng iba't ibang pangkat etniko at katutubo na tinatayang umaabot sa 14-17 milyon at kabilang sa 110 etnolinguwistikong grupo. Ang mga ito ay pangunahing matatagpuan sa Northern Luzon (Cordillera Administrative Region, 33%), Mindanao (61%), may ilang grupo rin sa Visayas (6%), ayon sa United Nations Development Programme (2013). Sa Hilagang Luzon, matatagpuan ang mga Indigenous People (IP) tulad ng mga Ibaloi, Kankana-ey, Isneg, Tinguian at Bontoc.

Batay sa National Commission on Indigenous People, nakasaad sa Republic Act 8371 Chapter 2 Section 3 na ang indigenous people ay tumutukoy sa isang grupo ng mga tao o uri ng lipunan na kinilala sa pamamagitan ng sariling pagpapalagay ng iba, na patuloy na namuhay bilang organisadong komunidad sa communally bounded at tinukoy na teritoryo, at na, sa ilalim ng pag-aangkin ng pagmamay-ari mula noong sinaunang panahon, sinakop, inaangkin at ginagamit ang mga nasabing teritoryo, na nagbabahagi ng magkatulad na ugnayan ng wika, kaugalian, tradisyon at iba pang natatanging katangiang pangkultura, o kung sino, sa pamamagitan ng paglaban sa pulitikal, panlipunan at kultural na pagpasok ng kolonisasyon, ang mga relihiyon at kulturang hindi katutubo, ay naging pagkakaiba sa kasaysayan mula sa karamihan ng mga Pilipino. Mayroon ding batas na nangangalaga sa kultura nila at ito ay mababasa sa Chapter 1 Section 2 na nagsasabing, “Dapat kilalanin, igalang at protektahan ng Estado ang mga karapatan ng mga Katutubong Pamayanan na pangalagaan at paunlarin ang kanilang mga kultura, tradisyon at institusyon. Dapat itong isaalang-alang ang mga karapatang ito sa pagbabalangkas ng mga pambansang batas at patakaran”.

Bawat pangkat ay mayroong kani-kaniyang paniniwala, kultura, kaugalian o panitikan na pinapahalagahan kaya ito ay mahalagang pagyamanin, pangalagaan, at ipagmalaki sapagkat ito ay sariling panitikan at nagpapahayag ng yaman ng isang bayan. Sa pamamagitan nito, nabibigyan ng pagkakataon ang mga Filipino na ipakilala ang kanilang kultura sa ibang mga bansa, na siyang nagbibigay-turing sa kanilang pagkakakilanlan. Ayon sa pag-aaral ni Sierra (2020), sinabi ni Mooney na ang kultura ay naglalarawan ng kahulugan at pamamaraan ng pamumuhay sa isang lipunan. Samakatuwid, ang mga araw-araw na gawain ng mga tao mula sa paggising hanggang sa pagtulog ay bahagi ng kanilang kultura. Patunay din dito ang pananaliksik ni Mejia (2011), na sumusuporta sa idea ni Panopio na ang kultura ay kabuoang konsepto na bumubuo sa pamumuhay ng mga tao, kabilang ang kanilang kilos, gawi, at mga gawain.Ang kultura din ay naglalarawan ng mga paniniwala, kaugalian, at materyal na bagay na nagtutulak sa pamumuhay ng isang tao. Kasama rin dito kung paano mag-isip at kumilos, pati na rin ang mga bagay na mayroon sa kanilang kulturang partikular (Camilot II, 2019).

Batay sa naging pahayag nina Villarde at Vedana (2018), naipapakita ang kahalagahan ng pagpapahayag ng kultura at sining sa pamamagitan ng paglikha at pagpapaganda ng mga bagay tulad ng mga mangkok, basket, damit, sandeta, at kutsara. Ang mga ito ay gawa ng mga pangkat mula sa iba't ibang tribo ng Igorot, Bontoc, Ibaloi, Ifugao, Itneg, Kalinga, at Kankana-ey. Sa pamamagitan ng kanilang mga likha, ipinapakita ng mga pangkat na ito ang kanilang pagkamalikhain at ang kanilang kontribusyon sa pagpapayaman at pagpapaganda ng kultura ng Pilipinas. Mayroon din silang pasalindilang kultura, ayon kay Anttonen et al. (2018) na kung saan ang oral na tradisyon ay nananatiling mahalaga ngunit walang katiyakan o kasiguraduhan.

Ang panitikan ay hindi lamang isang sining kundi pati na rin isang kasaysayan ng kaluluwa ng mga mamamayan. Ayon kay Siplac (2022), sa pamamagitan nito, naipapahayag ang mga damdamin, layunin, pag-asa, hinanakit, at imahinasyon ng mga Pilipino sa pamamagitan ng magagandang, makulay, at matalinghagang pahayag. Tulad ng elehiya, ay nagtatampok ng mga orihinal na tula na sumasaklaw sa malalim na mga tema tulad ng kamatayan, pag-ibig, at digmaan. Ipinapakita rin nito ang mga katawagang tulad ng epitapiyo, na naglalarawan ng malungkot at kahapis-hapis na mga awitin at tula ng paggunita.

Ayon sa pagsusuri ni Smith (2014), kilala ang paglikha ng mga elehiya para sa mga yumaong kaibigan o kamag-anak. Madalas, itinuturing ng mga lokal na ito bilang kanilang responsibilidad na maghandog ng ganitong uri ng pagpaparangal. Ang mga taludtod ay karaniwang ikinakabit sa bier o bangkay, ipinamamahagi bilang mga paalaala sa mga nagdadalamhati, binibigkas sa seremonya ng libing, o inilalathala sa mga pahayagan ng lokalidad.

Sa isinagawang sistematikong rebyu ng mga literatura, may mga pag-aaral nang naisagawa sa baya-o / elehiya katulad sa pagsusuri sa Cultural Scenarios In The Itneg-Iloko Sung Narratives of Tata Lucio (Ingel at Abaya, 2015) at Folktales and Chants of Tadian, Mountain Province (Dumanghi, 2007) ay lumalabas na kailangang mapanatili ang iba't ibang anyo at konteksto ng mga awit (oggayam, day-eng, daing, liwa at baya-o) na nagkakaiba sa pattern ng melody depende sa okasyon. Ayon kina Ingel at

Abaya (2015), ang dokumentasyon ng mga kwentong Itneg-Iloko na kinanta ni Tata Lucio ay nagpadama ng pangangailangang iligtas ang alamat mula sa pagkawala ng tuluyan at mula sa parehong dahilan kaya naimungkahi din ni Dumanghi (2007) na kailangang ilathala ang mga kwentong bayan at awit bilang mga babasahin.

Ang pangangailangan kung gayon, na maglathala ng isang libro sa mga kwentong bayan at awit ay mahalaga bago maglaho ang mga pangunahing impormante at ang tunay na kultura. Ang mga ito ay gagamitin ng mga kabataan bilang mga materyales sa pagbabasa gayundin ng mga tagapagturo at mga mag-aaral bilang mga kagamitang panturo sa mga klase sa Literature, Music, Social Sciences at Values Education. Ito ay bilang tugon sa utos ng konstitusyon na nagsasaad na, dapat pagyamanin ng estado ang pangangalaga, pagpapayaman at dinamikong ebolusyon ng isang pambansang kulturang Pilipino batay sa prinsipyo ng pagkakaisa at pagkakaiba-iba sa isang klima ng malayang masining at intelektwal.

Sa pananaliksik ni Siplac (2022) na "Isang Pag-Aaral at Pagsasalin ng mga Piling Elehiya sa Filipino", hinahamon niya ang mga institusyon ng pang-akademiko na suriin at isama ang elehiya bilang mahalagang paksa sa mga asignatura tulad ng panitikan at araling panlipunan. Ayon sa kanya, mahalaga na magkaroon ng malawakang pag-aaral sa mga elehiya. Bukod dito, dapat maglaan ng pagsisikap na maglikha ng iba't ibang uri ng elehiya na may iba't ibang tema na maaaring mabasa at maunawaan ng maraming tao. Layunin nito na mabawasan ang nararamdaman ng pagdadalamhati hindi lamang sa sarili kundi pati na rin sa mga minamahal.

Base sa sinabi ni Kurtney (2024), ang baya-o / elehiya ay isang bahagi ng kultura ng mga Indigenous People, partikular sa Mountain Province. Ang salitang 'baya-o' ay ginagamit din sa ibang lugar ng mga Ilokano tulad ng Barangay San Elias, Sigay, Ilocos Sur kaya naman ang nilalaman ng baya-o ng nasabing barangay ay sinuri upang ganap na maunawaan kung paano ito isinasagawa at anong mga kultura ang nakapaloob dito.

**Paglalahad ng Suliranin**

Layunin nitong tugunan ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang paraan sa pagsasagawa ng baya-o?
2. Ano-ano ang kulturang nakapaloob sa pag-awit ng baya-o?
3. Ano ang information educational communication materyal na puwedeng mabuo?

## II. MGA KAUGNAY NA LITERATURA

Sa bahaging ito, ipinapakita ang mga kaugnay na literatura at pag-aaral na mahalaga para sa mga mananaliksik sa kanilang pagsasaliksik at upang mas mapabuti ang pagpapaliwanag at paglalahad ng kanilang pag-aaral.

**Indigenous People**

Karamihan sa 12 milyong populasyon ng mga katutubo sa Pilipinas ay naninirahan sa kabundukan na inaangkin nilang bahagi ng kanilang tradisyonal na mga teritoryo. Karamihan sa mga natitirang likas na yaman sa bansa ay matatagpuan sa loob ng mga tradisyonal na lupain ng mga katutubo (De Vera, 2007).

Ayon kay José Martinéz-Cobo na isang Special Rapporteur, ang katangian ng mga katutubo bilang "yaong, na may pagpapatuloy ng kasaysayan sa mga lipunan bago ang pagsalakay at pre-kolonyal na mga lipunan na umunlad sa kanilang mga teritoryo, ay itinuturing ang kanilang mga sarili na naiiba sa ibang mga sektor ng mga lipunang nananaig ngayon sa mga iyon na teritoryo, o bahagi ng mga ito" (UN 2001). Dagdag pa rito, sinabi pa niya na ang mga IP sa kasalukuyan ay "bumubuo ng mga hindi nangingibabaw na sektor ng lipunan" at "determinado na pangalagaan, paunlarin, at ihatid sa mga susunod na henerasyon ang kanilang mga ninuno na teritoryo at ang kanilang etnikong pagkakakilanlan, bilang batayan ng kanilang patuloy na pag-iral bilang mga tao, alinsunod sa kanilang sariling mga pattern ng kultura, mga institusyong panlipunan at mga sistemang legal (United Nations Development Programme, 2001).

Ang mga Kankana-ey, na katutubo sa rehiyon ng Hilagang Luzon ng Pilipinas, partikular ang Benguet, Mountain Province, at mga bahagi ng Ilocos Sur, ay nagtataglay ng mayamang kasaysayan na malalim na nauugnay sa kanilang bulubunduking kapaligiran. Kinakatawan nila ang isang makulay na lingguwistika at kultural na grupo na malalim na konektado sa kanilang mga kinagisnan, kung saan ang mga ritwal at gawi na ipinasa sa mga henerasyon ay nagsisilbing testamento sa kanilang mayamang pamana at espirituwal na paniniwala.

**Kultura**

Sa bawat lugar, ang kultura ay may sariling halaga at pagpapahalaga. Ang kultura ay ang pangkabuuang pananaw ng mga tao sa isang lipunan sa mundo at sa kanilang kapaligiran. Ang pananaw na ito ay hango sa paniniwala, tradisyon, uri ng pamumuhat, at iba pang mga bagay na nag-ugnay sa kanila at nagpatibay sa bigkis ng pagkakaisa na siyang nagpapalaganap ng kanilang pangkalahatang diwa, pananaw, kaugalian at adhikain (hango sa pananaw ni Rubrico na binanggit ni Orosca (2022). May dalawang uri ng kultura, ang materyal na kultura at di-materyal na kultura. Binubuo ng materyal na kultura ang mga bagay na nakikita at nahahawakang pisikal. Nabibilang dito ang mga kasangkapan, kasuotan, kagamitan, bahay at pagkain. Samantala, nabanggit ni Taneo (2023) ang pahayag ni Delmirin na ang mga kaugalian, tradisyon, panitikan, musika, sayaw, paniniwala at relihiyon, pamahalaan at hanap-buhay ay sumasaklaw sa di-materyal na kultura.

**Lamay o Burol**

Ang burol o pagtatanghal sa bangkay ay karaniwang tumatagal nang tatlong araw bago ilibing. Maaaring mas tumagal dahil sa pamahiing bawal maglibing kung Biyernes o dahil may hinihintay na kamag-anak. Sa lamay ipinakikita ang pakikiramay ng mga kamag-anak, kaibigan, kanayon, at ibang kakilala ng namatay at ng namatayan (Almario, 2015).

Ang pagtitipon sa loob ng tatlong araw ng lamay ay nagiging malaking okasyon na hanggang hatinggabi. Sa loob ng itong panahon, may mga taimtim na ritwal tulad ng pagdarasal, pagpapamisa, at pagrorosaryo para sa kaluluwa ng yumaong. Gayunpaman, bahagi rin ng tradisyon ang pagbibigay ng aliw sa mga naulila. Ito ang panahon kung saan ipinagdaraos ang mga palaro, awitan, at iba pang paraan ng pagpapaligaya sa lamayan. Noong mga nakaraang panahon, karaniwang ginagamit ang mga tradisyonal na aliwang tulad ng juego de prenda, bulaklakan, at ang mga dulang karagatan at duplo. Sa iba't ibang rehiyon sa Pilipinas, may kani-kaniyang mga katutubong paraan ng aliw sa lamayan tulad ng dung-aw o baya-o sa Ilocos, at komposo sa Panay.

Sa bawat burol o lamay, may mga kaugalian, kultura, at pamahiin na sinusunod at pinaniniwalaan ng pamilya ng namatay pati na rin ng mga dumadalaw.

**Elehiya**

Ang panitikan ay isang matibay at panghabang panahong pagpapahayag ng mahahalagang karanasan ng tao sa pamamagitan ng mga salitang pinili at isinaayos nang maingat Salvania (2015). Sa katotohanan, ang tunay na kahulugan ng panitikan ay matatagpuan sa mga niloloob na ideya at damdamin ng tao. Ipinamana ng ating mga ninuno sa atin ang mga akdang pampanitikan, kaya't mahalaga na pagyamanin at patuloy na pangalagaan natin ang mga ito, kasama na rito ang mga tinatawag na elihiya. Bagaman ang elihiya ay hindi palaging naririnig, ito ay nagiging katangi-tangi lamang kapag ang isang tao ay nagluluksa o nagdadalamhati.

Ang elehiya ay isang uri ng tula na nagpapahayag ng seryosong pagmumuni-muni at karaniwang nauukol sa pagdadalamhati para sa namatay. Gayunpaman, ang kahulugan ng "elehiya" ay patuloy na hindi malinaw. Minsan, ginagamit ito upang ilarawan ang mga teksto na may malungkot o pesimistang tono, minsan bilang palatandaan ng tektwal na buhay, at kung minsan naman, ito ay ginagamit bilang istriktong tanda ng panaghoy para sa yumao.

Sa pag-aaral ni Smith (2014) hinggil sa elehiya, ipinakita na ang panaghoy ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagluluksa. Ito'y naglalantad at sumasalamin sa panloob na kalungkutan ng tagapagsalita o may-akda, at nagpapakita ng ugnayan sa kalikasan. Sa mga tulang ito, ang pagdadalamhati ng nagsasalita ay sinusundan din ng pagpapahayag ng kalungkutan sa kalikasan. Karaniwan, ang elehiya ay nakatuon sa pagnanais na maging malapit sa kama ng namatay upang magbigay ng ginhawa sa kanyang pagpanaw. Ito ay naglalarawan din ng pagdadalamhati ng nagsasalita sa pagkawala ng minamahal sa buhay, at nagpapakita ng sakit ng pagkawala ng isang bahagi ng kanyang sarili.

Sinabi ni La Noire (2018) na ang elehiya ay nagsisimula sa isang lehitimong damdamin na nagmumula sa pagkawala, na nagtatakda ng mood at tono ng tula. Hindi kinakailangang totoong pangyayari ang pagkawala na ito; maaaring ito ay gawa-gawa lamang. Walang tiyak na anyo ang elehiya; maiksi man o mahaba, may sukat o walang sukat, ito ay maaaring maituring na wastong elehiya. Sa wakas, mayroong pundasyon na basehan sa nilalaman ng elehiya. Bagamat karamihan sa mga elehiya ay naglalarawan ng pagdadalamhati ng manunulat, maaaring hindi ito ganap na nangyayari sa lahat. Bagamat maaaring magkaroon ng iba't ibang anyo ang elehiya, kapag narinig ito, pare-pareho ang ating unawa dito. Iniisip natin ang kamatayan at ang mga emosyong sumusunod dito, sapat na

upang magpahayag ng ating damdamin sa pamamagitan ng tula at ituring itong pagpupugay.

**Baya-o**

Ang baya-o ay isang uri ng awit na karaniwang inaawit tuwing mayroong namatay. Ayon kay Agsiweng (2017), ang baya-o ay isang paraan para sa mga nabubuhay na pamilya na humiling sa yumaong kamag-anak na alisin ang anumang malas at humingi ng proteksyon para sa kanilang sarili. Sa pamamagitan nito, hinihiling din sa yumaong kamag-anak na iwan ang kanilang pamilya na may magandang kapalaran at ipasa ang mga pagpapala at halaga na iniwan nila noong sila'y nabubuhay pa para sa mga susunod na henerasyon.

Ang pag-awit sa baya-o ay hindi lamang naglalayong libangin ang mga tagapakinig, kundi ito rin ay naglalayong magturo sa kanila hinggil sa mga kabutihang nagawa ng yumaong indibidwal noong siya ay nabubuhay pa. Sa pamamagitan nito, ipinapakita ang kontribusyon ng mga patay sa pag-unlad ng komunidad at ang kanilang mga karanasan sa buhay. Bukod dito, ang baya-o ay ginagamit din upang magbigay ng payo sa mga kabataan upang iwasan ang mga bisyo, at upang itaguyod ang mga mabuting at mahahalagang pagpapahalaga sa kanilang buhay.

Ayon sa pag-aaral nina Mariano at Mabasag (2018), ang mga kanta sa lamay, lalo na ang baya-o, ay ginagamit upang ilabas ang kalungkutan sa pagkamatay ng isang tao, at naging daan ito para sa mga taga-ibang lugar na magtagpo at magbahagi ng kanilang mga karanasan, na nagpapahayag ng pagpapahalaga sa habang buhay.

Ayon dito, ang baya-o ay hindi lamang ginagamit upang bigyan-pahinga ang mga kaluluwa ng mga yumao, bagkus ito rin ay isang paraan upang makipag-ugnayan sa mga dumalo sa lamay. Ang awit na ito ay nagbibigay daan sa mga bisita na maaliw at magkaroon ng lunas sa kalungkutan ng pamilya sa pamamagitan ng isang bukas at mapanlibangan himig.

Batay naman sa pag-aaral nina Ingel at Abaya (2015), ang baya-o (pandalamhati), na partikular na ginaganap sa damaán (paggising para sa mga patay), at ang mga pangunahing elemento ay ang malungkot na tono nito at ang layunin nitong parangalan ang yumao gayundin ang pag-aliw sa naulila.

Ayon din kay Agcaoili (2012), ang himig ng baya-o ay nagbabago rin depende sa lokasyon at sa mga indibidwal na mang-aawit. Gayunpaman, may partikular na katangian ang pag-awit nito sa paraang pabigkas o pag-awit, kung saan may mga pagtaas o paghinto ng boses upang ipahiwatig ang kalungkutan para sa mga yumao. Karaniwan, sa mga impromptu na salita, mayroong pagpapahaba, drawl, o pagdugtong ng isang patinig tulad ng "ah" upang maibuo ang mga pantig na sumusunod sa karaniwang intonasyon ng baya-o. Madalas na inilalahad ang dung-aw sa pangatlong o unang panauhan. Ito ay isang paraan ng pagpapahayag ng personal na damdamin ng isang mang-aawit at ng kanyang paggalang sa kamatayan.

Ito rin ang tinatawag na "bangil" ng mga tribong Karao sa Bokod, Benguet, ayon kay Mang-osan (2012). Isang awitin ito na naglalarawan ng mga kabutihan at kasamaan ng taong yumao. Ang mga mensahe nito ay iniaalay para sa mga patay, kanilang mga kamag-anak, at sa mga nakilamay. Karaniwang pinangungunahan ito ng mga iyanka-ama (matatandang lalake) at iyankaba'kol (matatandang babae), kilala rin bilang "mga manlalaro ng bangil". May nabanggit din na sa paggawa ng bangil, nagbibigay ang mga ito ng piraso ng tabako at pedped (hiwa ng karne ng kalabaw) sa mga dumalo sa lamay upang ialay sa mga hindi nakikitang ispiritung naroroon.

Sa pahayag ni Entico (2012), ipinakikilala ang dung-aw bilang isang termino na ginagamit ng mga Ilokano sa iba't ibang lugar. Ito ay isang uri ng panaghoy na kanilang ginagamit upang magbigay-ginhawa sa kalungkutan ng mga naiwang pamilya ng yumao.

Sa obserbasyon ni Brando (2023), kilala rin bilang "hudhud" sa Ifugao ang tugon sa pagnanais na magbigay-ginhawa sa mga pamilyang naulila. Ang hudhud ay isinasagawa sa mga okasyon tulad ng lamay, libing, at pagkatapos nito, na nagtutuloy hanggang sa pitong araw at kadalasang kasama ang mga sayaw. Sa paniniwalang ito, inaasahan na matatagumpay na malalampasan ng mga naiwang pamilya ang kalungkutan habang ang kaluluwa ng yumao ay gabayan patungo sa kabilang buhay.

Sinabi rin niya na ang mga Tingguian sa Abra ay may tinatawag na "panagbaniit." Ito ay isang ritwal na iniaalay sa mga espiritu ng kanilang mga ninuno at naglalarawan rin bilang isang paraan ng pagpapahayag na mayroong isang yumaong kasapi ng kanilang komunidad, pati na rin ang kanilang koneksyon sa kulturang kanilang pinanggalingan. Ang ritwal na ito ay karaniwang kasama ng "baniit at sangsangit," mga awit at panambitan para sa kaluluwa ng yumao. Ayon naman kay Abaya et.al. (2011), may iba pang tawag ang mga tao sa Abra sa ritwal na ito, tulad ng 'albaab.

# III. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

**Disenyo ng Pananaliksik**

Sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito, ang mga mananaliksik ay gumamit ng tinatawag na "pakapa-kapa approach" upang masusing maunawaan ang baya-o o elehiya ng mga Ilokano. Ayon sa pag-aaral ni Lacondazo et.al. (2023), ang pakapa-kapa ay nangangahulugan ng paghahanap at pagsusuri ng kultural, panlipunan, o sikolohikal na datos nang hindi gumagamit ng mga pangunahing teoretikal na balangkas na hiniram mula sa mga obserbasyon sa labas ng nasabing pag-aaral. Maaari itong ikonekta rin sa konsepto ng "unobtrusive methods" dahil ang pangunahing pamamaraan ng pagkolekta ng impormasyon ay maaaring manggaling sa pagmamasid, pagtatanong, pagsubok, pagdalaw, pakikilahok, at pakikisangkot nang hindi gaanong nakikialam sa mga partisipante. Kaya't ang simpleng pagmamasid, dokumentasyon, interbensyon, at pakikilahok ay maaaring magamit sa pamamaraang ito ng "pakapa-kapa." Dagdag pa riyan, isinagawa rin ang tinatawag na "member checking" kung saan ipinakita ang resulta ng pananaliksik sa mga partisipante upang masuri ang kinalabasan ng pananaliksik.

Sa pag-aaral na ito, karagdagan sa pakapa-kapa approach, ginamit din ang qualitative research approach. Ito ay isang uri ng pananaliksik na nakatuon sa pagbibigay ng malinaw at tiyak na interpretasyon upang makakuha ng malalim na pang-unawa sa mga saloobin, ugnayan ng mga indibidwal, at ang mga pangunahing kadahilanan na nagtuturo sa kanilang mga kilos at desisyon. Ito ay ayon sa pahayag ni Alvarez (2020), na naglalayong magbigay ng masusing pagninilay at pag-unawa sa mga komplikadong aspeto ng paksang pinag-aaralan.

**Mga Partisipante**

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng pagpili ng sampung indibidwal mula sa Barangay San Elias, Sigay, Ilocos Sur. Ang mga partisipanteng ito ay napili gamit ang convenient sampling. Ayon kay Etikan et.al. (2016), ang convenient sampling (kilala rin bilang Haphazard Sampling o Accidental Sampling) ay isang uri ng nonprobability o nonrandom sampling kung saan ang mga miyembro ng target na populasyon ay napipili batay sa ilang praktikal na pamantayan tulad ng madaling access, geographical proximity, availability sa isang partikular na oras, o ang pagpayag na ang mga indibidwal ay sumali sa pag-aaral.

Ang mga partisipanteng ito ay pinili batay sa sumusunod na krayterya: isinilang at lumaki sa lugar na pinagkunan ng datos; nasa edad 60 pataas; may sapat na kaalaman sa baya-o; may karanasan sa pagbabaya-o; at, may libreng oras para sa pakikipagpanayam sa mga mananaliksik.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Sa pagsagawa ng pananaliksik na ito ay gumamit ang mga mag-aaral ng mga katanungan at recorder upang itala ang mga kasagutan ng bawat respondente. Ginamit din ang 4 point-checklist para sa balidasyon ng pamphlet Information Educational Communication materyal.

**Proseso ng Pangangalap ng Datos**

Ang mga mananaliksik ay nagbigay ng liham-pahintulot sa National Commission on Indigenous People, Bitalag, Tagudin, Ilocos Sur upang maisagawa ang pananaliksik sa Barangay San Elias, Sigay, Ilocos Sur para sa pagkolekta ng datos mula sa mga napiling partisipante na naninirahan doon. Binigyan ang mga partisipante ng isang liham bilang patunay ng kanilang pagsang-ayon na maging bahagi ng pag-aaral, kasama ang paggamit ng voice recorder para mairekord ang kanilang mga sagot.

Isinagawa rin ang member checking pagkatapos masuri ang mga resulta ng pag-aaral sa mga partisipante upang patunayan ang katumpakan at kredibilidad ng kinalabasan ng pananaliksik. Ang prosesong ito ay naglalayong patunayan ang pagiging totoo at mapagkakatiwalaan ng impormasyon na nakalap sa pagsasagawa ng pananaliksik.

Nagkaroon ng balidasyon sa ginawang Information Educational Communication material na pamphlet ang mga guro na dalubhasa sa wika upang mas maging makabuluhan ang bisa ng awtput ng pananaliksik.

# IV. RESULTA

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang baya-o na elehiya ng mga Ilokano. Ipinaliwanag ang resulta at interpretasyon ng mga datos ng pag-aaral. Tinalakay ang mahahalagang detalye at impormasyon batay sa nakalap na datos ng pag-aaral.

Amburayan Research Journal
Tagudin Campus- Quirino, Tagudin, Ilocos Sur https://ispsc.edu.ph/

**Paraan sa Pagsasagawa ng Baya-o**

Mula sa mga nakalap na datos, lumabas ang sumusunod na paraan sa pagsasagawa ng baya-o:

**PAG-ABISO**
*Pagpapakilala, pagpaalam sa pagbaya-o at pagsasabi sa mabubuting nagawa ng patay*

→

**PAGTITIPON**
*Pagtitipon ng matatanda at salitang pagbabaya-o. Maaaring sumasang-ayon o hindi sa naunang nagbaya-o*

→

**PAGPAYAG**
*Salitang pagbabaya-o, ang nakakasunod sa nilalaman ng baya-o maaari nang umuwi, kung hindi ay pinapabili ng alak*

**Pag-abiso (Pamanatayan).** Ang pag-abiso ay isang paraan para sa pagpapaalam mula sa mga aktbidad na gagawin kagaya na lamang sa pag-awit ng baya-o sa San Elias, Sigay, Ilocos Sur. Batay sa mga sagot na nakuha mula sa mga kalahok sa pag-aaral, naitatag ang isang pamantayan para sa pagsasagawa ng baya-o. Ito ay ang unang hakbang na ginagawa ng mga matatanda na dumadalo at nagnanais na kumanta ng baya-o. Ginagamit ito upang ipahayag ang kanilang pagkakakilanlan, magbigay-paalam sa pamilya ng yumao para makapagsagawa ng baya-o, at ipakita ang magagandang gawa ng namayapang indibidwal sa pamamagitan ng awit na may iba't ibang tono.

Para sa mga matatanda, ang pag-awit ng baya-o ay isang anyo rin ng panalangin. Pinatunayan sa mga pahayag sa ibaba:

| Ilokano | Salin sa Filipino |
|---|---|
| "Ti baya-o a ket kasla maysa a kararag"T1 | "Ang baya-o ay parang panalangin"T1 |
| "Ikankanta ngem adda bengngat na. Anatem dagitay ikanta/ikuna tay agbaybaya-o tapnu nu mapanto met ken sika, sublatem to met didijay inbalikas na"T2 | "Inaawit pero may tono. Intindihin nang maayos ang sinasabi ng nagbabaya-o para kapag napunta sa'yo, ikaw naman ang magsasabi ng kaniyang mga sinabi"T2 |
| "Agpakaamo nga umuna santo damagen nu daida ket ipalubos da ti panagkuna ijae natay. Ngem nu adda sakit ti nakem da nga daida lang ti agbaybaya-o, "ala inkayon a ta denggen met ti kunayo", kasjay met a ti kunada"T3 | "Magpapakilala pagkatapos ay tanungin sila kung payag silang magbaya-o ka rin. Pero mayroong iba na kung masama ang kanilang pakiramdam kasi sila lang ang nagbabaya-o, "sige, kayo naman at pakinggan namin ang inyong sasabihin", ganoon ang kanilang sasabihin"T3 |
| "Urnos ti paglintegan dagiti lalakay iti panagbayao no adda matay"T4 | "Isang tuntunin ng sinaunang ninuno ang pagbabayao tuwing may patay"T4 |
| "Urnos ti panagbayao, adda programa na. Damo na ket adda tay kunada a pamantayan (tiempo dagiti agbanbantay), maikadwa nu adda sumangpet kadagitay naawis maaramid tay saksakop (panagtitipon dagitay apan nakiminatay), maudi ket tay pamulubusan (pinagpapakada dagitay napan)"T5 | "Humingi ng pahintulot sa pamilya ng namatayan kung maaaring magbayao. Ipakilala ang pangalan at ipasa sa mga may gustong mag-alay ng bayao sa patay"T5 |
| "Umuna ket tay ay-ayam ti lalakay ken panangpadayaw ijae natay dagitay nasayaat a ugali na a haan da malipatan"T6 | "Parangalan ang yumao sa kanyang mabubuting gawa at katangian noong siya ay nabubuhay pa na hinding-hindi nila malilimutan"T6 |
| "Nu manu bilang ti bunggoy a ket adda maysa a mangibaga nu manu dagup da (pamantayan). Ta isuda ti agsisinublat nga agbayao ton a dere-deretso"T7 | "Kung ilan ang bilang ng grupo ay may mauunang mag-uulat at sila ang maghahalinhinan sa paglalaro/ baya-o"T7 |
| "Ay ket apanka lattan a ijae sango nu kayat mu ti agbaya-o ta ikunam tay kayat mu a ikuna"T8 | "Kung gusto mo ay pumunta ka lang sa harapan at awitin ang baya-o na gusto mong sabihin"T8 |

| Ilokano | Salin sa Filipino |
| --- | --- |
| "Ikwa da met a dagitay naar-aramidan na di napalpalabas, ipalagip da ngem pakanta ket nu adda pangrugyan na adda met pagleppasan (programa)"T9 | "Ipapaalala nila ang mga magagandang nagawa ng namatay sa pamamagitan ng pakanta. Kung may simula mayroon ding wakas parang programa"T9 |
| "Ikanta/ baya-o mi a tay naaramidan na idi sibibiyag pay ngem adda tay ayog nga tinawid mi a isu metten ti sursuruten mi"T10 | "Inaawit/ baya-o ang mga nagawa niya noong nabubuhay pa ngunit may tono na amin pang namana kaya ito ang sinusunod namin"T10 |

Tulad ng dating paraan ng pagbabaya-o, ang mga panambitan ng mga manlalaro ay nakatuon sa mga mabubuting gawa ng yumao noong siya ay nabubuhay pa. Sa paglipas ng panahon, ang mga manlalaro ng baya-o ay magkakasunod, at maaaring sila ay pumapayag o hindi sa mga sinasabi ng naunang manlalaro. Ngunit ang sinumang hindi sumasang-ayon ay maaaring tapikin sa bibig. Sa hakbang na ito, kanilang binibigyan ng payo ang mga naulila ng yumao upang hindi sila lubos na magluksa sa pagkawala, pati na rin upang ipahayag ang kanilang hinaing sa publiko. Sa sandaling ito, karaniwang ginagamit upang magpadala ng mensahe sa publiko o sa mga dumalo sa lamay na nagpapakita ng mga magagandang gawa ng yumao noong siya ay nabubuhay pa. Ito ay maaaring magbigay ng aral at inspirasyon sa kanila, tulad ng sinabi ni Kurtney (2024), na nagpapahayag ng mensahe hindi lamang para sa publiko kundi pati na rin para sa yumao. Ang ganitong hakbang ay napatunayan din nina Mariano at Mabasag (2018) na isang paraan ng pakikipag-usap sa mga dumalo sa lamay at pagbibigay ng inspirasyon at kaalaman hinggil sa buhay ng namayapang indibidwal.

**Pagpayag (Pamalubusan).** Ang pagpayag ay panghuling pamamaraan ng pagbabaya-o. Ito ay pagpahintulot ng mga kamag-anak sa mga dumalo na maaari na silang umuwi kapag naisagawa nila nang matagumpay ang aktibidad sa paraang ito. Sa ganitong pamamaraan, isang manlalaro ng baya-o ang magsisimula ng pag-awit, at susunod naman ang mga dumalo sa lamay na may kaalaman sa pagbabaya-o. Ngunit, kung mayroong hindi sumunod sa nilalaman ng baya-o, maaaring sila ay parusahan sa pamamagitan ng pagbili ng alak na kanilang inumin mula sa mga kalalakihan na naroon sa lamay.

"Paggalang sa mga pumunta upang makita ang namatay sa kaniyang huling sandali"T5

Sa paraang ito ay aawit lahat ng baya-o bilang paggalang sa mga nakilamay. Ang mga hindi nakakasunod sa nilalaman ng baya-o ay may parusa kung saan siya ay bibili ng alak na iinumin ng mga kalalakihang naroroon samantala ang mga nakakasunod ay maaari nang umuwi kung nanaisin nila sapagkat sa paraang ito ay para na rin silang nagpapaalam sa pamilya ng patay at mga nasa lamay. Ito ay nagtutugma sa pahayag ni Kurtney (2024), na nagsasabi na ang pag-awit ng baya-o ay nagbibigay-daan sa mga tao na naroon sa lamay na samahan ito, at sa kasabayang pag-awit ay nag-iinom sila ng tapey.

Ayon kay Rabang (2019), ang pag-awit ng dung-aw ay naririnig pa rin sa mga baryo at sa mga pamayanan sa kanayunan, at walang paltos, ang mga matatandang babae pa rin ang gumagawa nito. Ang mga kabataan ay hindi umaawit ng dung-aw sapagkat ang kaya lang nilang gawin sa mga ganitong pagkakataon ay umiyak o humikbi- wala man lang lirikong kayang gawin. Hindi na sila kumakanta o nag-aaral ng dung-aw.

Ang dung-aw ay ang awit ng kaluluwa na inaawit ng mga Ilokano para mabawasan ang sakit ng mawalan ng mahal sa buhay. Ito ay ang pagpapakawala ng nakakulong na baha ng galit at pagdurusa. Isang sigaw mula sa puso na hindi na mapanatili ang kapayapaan. Batay sa aking pananaliksik, kapag ang isang tao ay nagsimulang umawit ng dung-aw, mas maraming tao ang sumusunod, upang ang buong koro ay parang isang naka-synchronize na boses na may bantas ng paminsan-minsang hiyawan. Ang awiting ito ng kalungkutan ay hindi lamang para sa mga babae, kundi maging sa mga lalaki.

**Kultura sa Loob ng Awiting Baya-o**

Sa pagdalaw ng mga mananaliksik sa San Elias, Sigay Ilocos Sur ay nagkaroon sila ng oportunidad na makunan ng video ang matandang babae na nagbabaya-o. Narito ang nilalaman ng kaniyang panambitan:

Ilokano Salin sa Filipino

Ay manang kon a...manang kon a,
Ay pakawanen dak koma a....,
Ngem anya ngay pay ta saanmo ammon a ti kunkuna,
Ay manang kon a...manang kon a,
Ta umay ko man isao ti naadal ko ken sika a...,

Oh aking ate... ate ko ah..,
ako sana'y patawarin mo ah
Kahit ngayon ay hindi mo alam ang mga sinasabi ko ah,,
Oh aking ate... ate ko ah..,
Nais kong sabihin ang mga natutunan ko sa'yo ah

Ti kinasingpet mo manang ko a....
Ta dik to malipatan a,
Ay manang kon a...manang kon a,

Ang iyong kabaitan ate ko ah...
Ay hindi ko malilimutan ah…
Oh aking ate... ate ko ah..,

Sika ti tao nga ammo na ti kadwa na a..,
Ta di napan tayo agbarbarkis a Ket nu sika ti adda maala na a... ay manang ko aya...,
Ket inka ibingbingayan sikami a...,

Ikaw ang taong alam ang kasama ah,,
Noong namamalitok tayo ah..
Pag ikaw ang may nakukuha...ate ko ah
Binibigyan mo kami ah..

Dik to malipatan ti kinasayaat mo a...
Ay manang kon a...manang kon a,
Ay alaem koma dagitoy sakit ti saka a,

Ang kagandahang loob mo ay hindi ko malilimutan ah
Oh aking ate... ate ko ah..,
Sana'y kunin mo ang sakit ng aking paa ah…

Ta sika ti napanen aya,
Baka ket nu sumarsaruno akton a ken sika
Ay manang kon a...manang kon a,

Kasi ikaw ang pumanaw na ah
Na baka ako'y susunod na ah
Oh aking ate... ate ko ah..,

Panpanunutek pay jay panagsinnungbat ta,
Nga dita pay nagpinnakawan a…

Naiisip ko pa noong nagkasagutan tayo ah
Hindi pa tayo nagkapatawaran ah

Ay awan met ti nakalagip kadaita Ay manang ko... manang ko aya...,
Inka agmaymaysan aya..,

Wala man lang nakaalala ni isa satin ah
Oh aking ate... ate ko ah..,
Ngayon ay nag-iisa ka na ah..

Ngem dikan to madanagan a,,
Ta dagitoy inbatim aya,
Ket adda kaminto latta a kadwa da..

Kahit ganun ay wag kang mag-alala ah
Tong mga naulila mo ah...
Ay narito kami para sa kanila ah

Ay ala ket kasta garuden manang ko aya..,
Ay manang ko....manang ko a...

Ta inka metten inpulang ti biyag mo a…..

Ay sige ate ko ah...
Oh aking ate... ate ko ah..,
Iyo naman sinauli na ang iyong buhay ah...

Ang sumusunod na kultura ay nakapaloob sa awiting ito.

**Paghingi ng Kapatawaran (PANGKA).** Ang paghingi ng kapatawaran sa patay ay isang ritwal o tradisyon na maaaring makita sa iba't ibang kultura at mga grupo ng tao. Ito ay kadalasang isinasagawa dfupang magpahayag ng paggalang, pagmamahal, at pagpapakumbaba sa harap ng mga yumao. May ilang mga pag-aaral at pananaliksik na nagpapatunay sa pagiging kultural at sosyal na kahalagahan ng paghingi ng kapatawaran sa patay. Pinatunayan ng naitalang pananambitan sa ibaba:

Ay manang kon a...manang kon a,
Panpanunutek pay jay panagsinnungbat ta,
Nga dita pay nagpinnakawan a...
Ay awan met ti nakalagip kadaita

Oh aking ate... ate ko ah..,
Naiisip ko pa noong nagkasagutan tayo ah
Hindi pa tayo nagkapatawaran ah
Wala man lang nakaalala ni isa satin ah

Sa isang pagsusuri ni Bell (2019), sinabi niyang maaaring lumampas ang sama ng loob at iba pang mabibigat na damdamin sa kanilang mga pinagmumulan, kaya't madalas na ipinapahayag ng mga tao ang pagnanais na mapagtagumpayan ang mga ito sa pamamagitan ng pagpapatawad. Habang itinuturing ng iba ang pagpapatawad sa mga yumao bilang isang mahalagang moral na tagumpay, may mga nagtatanggol na ang tunay na pagpapatawad sa mga patay ay hindi naman talaga nauugnay, lalo na kung ito ay kanais-nais o mahalaga.

**Pagsasabi sa Kadakilaan ng Namatay (PAKANA).** Ang pagbibigay-diin sa mga magagandang nagawa ng patay tuwing lamay ay nagpapakita ng mga kultural na pagpapahalaga sa buhay, kabutihan, at kontribusyon ng yumao sa kanilang mga buhay at sa lipunan. Ito ay isang paraan ng pagpapakita ng respeto, pagmamahal, at pag-alala sa mga yumao, at nagbibigay ng kahulugan at kaginhawahan sa mga naiwan sa panahon ng kanilang pagluluksa. Pinatunayan ng naitalang pananambitan sa ibaba:

Ay manang kon a...manang kon a,
Ta umay ko man isao ti naadal ko ken sika a...,
Ti kinasingpet mo manang ko a....
Ta dik to malipatan a,

Oh aking ate... ate ko ah..,
Nais kong sabihin ang mga natutunan ko sa'yo ah
Ang iyong kabaitan ate ko ah...
Ay hindi ko malilimutan ah…

Pinatunayan ito ni Agsiweng (2017), na ang pag-awit ay upang libangin din at matuto ang publiko sa mga kabutihang ginawa ng namatay noong nabubuhay pa siya. Ayon pa kila Mariano at Mabasag (2018), ito ay isang bukas na himig na nagpapahintulot sa mga dumalo na maaliw at mabawasan ang pagluluksa ng pamilya. Dagdag pa nila Ingel at Abaya (2015) na layunin nitong parangalan ang yumao gayundin ang pag-aliw sa naulila.

**Paghiling sa Pagtanggal ng Sakit (PAPASA).** Ang pagnanais ng isang taong buhay na kunin ng patay ang sakit na nararamdaman niya ay maaaring nagmula sa pag-asam na magkaroon ng kaluwagan, kapayapaan, at kapanatagan mula sa anumang uri ng paghihirap, pisikal man o emosyonal. Ito ay bahagi ng proseso ng pagtanggap at pagharap sa kamatayan bilang isang bahagi ng buhay. Pinatunayan ng naitalang pananambitan sa ibaba:

Ay manang kon a...manang kon a,
Ay alaem koma dagitoy sakit ti saka a,
Ta sika ti napanen aya,
Baka ket nu sumarsaruno akton a ken sika
Ay manang kon a...manang kon a,

Oh aking ate... ate ko ah..,
Sana'y kunin mo ang sakit ng aking paa ah...
Kasi ikaw ang pumanaw na ah
Na baka ako'y susunod na ah

Ayon kay Agsiweng (2017), ang baya-o ay isang paraan para sa mga nabubuhay na pamilya na humiling sa yumaong kamag-anak na alisin ang anumang malas at humingi ng proteksyon para sa kanilang sarili. Kaakibat ng mga malas ay kagaya ng mga sakit na kanilang nararamdaman.

**Pakikisimpatiya at Pagmamalasakit sa mga Naiwan ng Patay (PANAPA).** Ang salitang "simpatiya" ay kadalasang naririnig sa tuwing mayroong pinagdaraanang sitwasyon ang isang tao kagaya na lamang kapag mayroong malapit o importanteng tao na pumanaw. Kaakibat na rin nito ang "damayan", dahil sa pakikipagsimpatiya ay nadadamayan at nagagabayan na rin ang mga tao. Ito ang kadalasang nangyayari sa mga lamay at upang sila'y madamayan, nariyan ang mga tradisyong kagaya ng baya-o na ginagawa upang damayan ang mga naulila. Pinatunayan ng naitalang pananambitan sa ibaba:

Oh aking ate... ate ko ah..,
Inka agmaymaysan aya..,
Ngem dikan to madanagan a,,
Ta dagitoy inbatim aya,
Ket adda kaminto latta a kadwa da..


Oh aking ate... ate ko ah..,
Ngayon ay nag-iisa ka na ah..
Kahit ganun ay wag kang mag-alala ah
Tong mga naulila mo ah...
Ay narito kami para sa kanila ah

Mula sa pag-aaral ni Rabang (2019), binanggit niya ang pahayag ng isang blogger na kilala bilang "I am called DENCIONG" noong 2012 na, ang dung-aw ay isang malalim na damdamin na kaakibat ng pakikiramay, pakikisimpatiya at pagmamahal na nagmumula mismo sa mang-aawit ng dung-aw.

Amburayan Research Journal
Tagudin Campus- Quirino, Tagudin, Ilocos Sur https://ispsc.edu.ph/

**Information Educational Communication Materyal sa Baya-o**

Ang awtput ng pananaliksik na ito ay isang pamphlet na naglalaman ng pamamaraan sa pagsasagawa ng baya-o kasama na dito ang pag-abiso-pagpapakilala, pagpaalam sa pagbayao at pagsasabi sa mabubuting nagawa ng patay; pagtitipon-pagtitipon ng matatanda at salitang pagbabaya-o na maaaring sumasang-ayon o hindi sa naunang nagbaya-o; at, pagpayag-salitang pagbabaya-o,ang nakakasunod sa nilalaman ng baya-o maaari nang umuwi, kung hindi ay pinapabili ng alak. Gayundin ang paghingi ng kapatawaran (PANGKA); pagsasabi sa kadakilaan ng namatay (PAKANA); paghiling sa pagtanggal ng sakit (PAPASA); at, pakikisimpatiya at pagmamalasakit sa mga naiwan ng patay (PANAPA) na mga kulturang nakapaloob dito.




Talahanayan 1. Lebel ng Bisa ng Information Educational Communication Materyal Pamphlet

| Indicators | $\bar{x}$ | KDR |
|---|---|---|
| Nilalaman | | |
| Ang nilalaman ay base sa inaasahang kinalabasan | 3.75 | P |
| Ang nilalaman ay may maayos na pagkakasunod | 3.5 | P |
| Ang nilalaman ay naayon at may kaugnayan | 3.75 | P |
| Ang nilalaman ay tumugon sa kasalukuyang konteksto kung bakit isinasagawa ang pag-aaral. | 3.75 | P |
| mean | 3.69 | P |
| Kapaki-pakinabang | | |
| Ang awtput ay maaring gamitin anumang oras(seminar) | 3.75 | P |
| Ang awtput ay madaling gamitin at gawin | 3.5 | P |
| Tinutukoy ng awtput ang pangunahing layunin at konsepto | 3.25 | MS |
| Ang awtput ay maaaring gamitin bilang kasangkapan o gabay sa pangangalaga, pagrereserba at pagsulong ng kultura. | 3.75 | P |
| mean | 3.56 | P |
| Kabuuang mean | 3.62 | P |

**Layenda:**

| Statistical Range | Descriptive Rating (DR) | Kabuuan (KDR) |
|---|---|---|
| 3.40-4.00 | Katanggap-tanggap | Pinakamataas (P) |

| | | |
|---|---|---|
| 2.50-3.49 | Tanggap | Mataas (MS) |
| 1.5-2.49 | Katamtamang tanggap | Katamtaman (K) |
| 1.0-1.49 | Di-masyadong-Tanggap | Mahina (MA) |

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng antas ng bisa ng awtput na pamphlet. Tulad ng nakuha mula sa talahanayan, ang nilalaman ay mayroong katanggap-tanggap na mean na 3.69, na inilarawan bilang pinakamataas. Sa ilalim ng nilalaman, ang mga tagapagpahiwatig na nagsasaad na "ang nilalaman ay base sa inaasahang kinalabasan', 'ang nilalaman ay naayon at may kaugnayan', at, 'ang nilalaman ay tumugon sa kasalukuyang konteksto kung bakit isinasagawa ang pag-aaral' ay pare-parehong nakakuha ng pinakamataas na mean na 3.75 at 'ang nilalaman ay may maayos na pagkakasunod' na 3.5 mean, na sa kabuuan ay inilarawan bilang katanggap-tanggap.

Sa ikalawang indicator na kapaki-pakinabang, makikita na ang tagapagpahiwatig na 'ang awtput ay maaaring gamitin anumang oras' at ang awtput ay maaaring gamitin bilang kasangkapan o gabay sa pangangalaga, pagrereserba at pagsulong ng kultura' ay mayroong pinakamataas na mean na 3.75 na inilarawan bilang katanggap-tanggap samantalang ang indikasyon na 'ang awtput ay madaling gamitin at gawin' ay mayroong pinakamataas na mean na 3.5 ngunit inilarawan bilang katanggap-tanggap. Ang 'tinutukoy ng awtput ang pangunahing layunin at konsepto' ay mayroong mataas na mean na 3.25 na inilarawan bilang tanggap.

Sa pangkalahatan, ang antas ng pamphlet ay nasa pinakamataas, gaya ng ipinahayag ng pangkalahatang mean na rating na 3.62. Ipinahihiwatig nito na natugunan nito ang mga pamantayan ng mga balideytor: ito ay wasto, organisado, at magagamit. Malinaw na ang pamphlet ay naglalaman ng nilalaman na kapaki-pakinabang at katanggap-tanggap.

Sa binuong handbook sa pananaliksik nina Azarias et.al (2022) ay maaaring gamitin sa pagtuturo ng mga katutubong pamamaraan sa pag-iimbak ng pagkain na napapanahon at may kaugnayan sa pangangalaga sa kultura at mga adbokasiya ng promosyon sa bansa. Inihayag din ng kanilang pag-aaral na ang binuong Cervantesian Indigenous Food Preservation Handbook ay wasto, kapaki-pakinabang, functional, at nagbibigay-kaalaman.

## V. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang pag-awit ng panambitang baya-o sa tuwing may patay na ginagawa ng mga matatandang dumadalo sa lamay ay upang maipaalam ang mga magagandang nagawa nito noong nabubuhay pa. Ang mga kulturang nakapaloob dito ay nagdudulot ng maganda sa mga naiwan ng patay kagaya na lamang ang pagkawala ng mga mabibigat na kanilang nararamdaman, pagkasiya sa kabila ng kalungkutan at pagiging matatag ng paniniwala na kahit sa anumang sitwasyon ay mayroon pa ring mga taong handang damayan ka. Ang awtput na pamphlet ay napatunayan ang antas ng bisa nito sapagkat pumasa ito sa pamantayan ng mga balideytor kaya naman ito ay maaari nang gamitin sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mamamayan tungkol sa baya-o. Iminumungkahi ng mga mananaliksik na pag-aralan ang mga paraan sa pagsasagawa ng baya-o upang mas maunawaan kung paano ito ginagawa gayundin na alamin ang iba pang kulturang nakapaloob dito at sa mga magsasagawa ng katulad na pananaliksik na bumuo ng iba pang Information Educational Communication materyal para sa pagpapanatili ng pasalindilang kultura kagaya ng baya-o.

## VI. SANGGUNIAN


1. Abaya, D., De Vera, M., & Bajet Jr., M. (2011). Dialects, Beliefs and Practices of the Tinguians of Abra. https://mabikas-foundation.org/wp-content/uploads/2020/06/Dialects_beliefs_and_practices_of_the_Tinguians_of_Abra.pdf
2. Agcaoili,D.(2012,February 20).Dung-Aw:A Tradition To Behold.Wordpress. https://denishagcaoili.wordpress.com/2012/02/20/the-ilocano-death-practices-a-tradition-to-behold/?fbclid=IwAR1oLpNZ1tStDTecNUVGtfMVu4uft8_-C1F0D_LJax1sv_Xa6Dyss_43mU4
3. Agsiweng,N.(2017,December 3).BAYA-O:i-Banoen way of chant for the dead relative.Agshan Online. https://agshanonline17.wordpress.com/2017/12/03/baya-o-i-banoen-way-of-chant-for-the-dead-relative/?fbclid=IwAR3WUmHbJE4N-4F_1GCImQav3IvbYuTFpNKky5AqbQ9-dXsSlS6cGkN71Jg
4. Almario, V. (2015). Búrol. CulturEd: Philippine Cultural Education Online. https://philippineculturaleducation.com.ph/burol/

5. Alvarez,N.B.(2020).Kuwalitatibong pananaliksik.pptx.Scribd. https://www.scribd.com/presentation/451603026/Kuwalitatibong-Pananaliksik-pptx
6. Anttonen,P.,Forselles,C.A.,&Salmi-Niklander,K.(2018).Oral Tradition and Book Culture. https://library.oapen.org/bitstream/handle/20.500.12657/27476/oral-tradition-and-book-culture..pdf?sequence=1&isAllowed=y
7. Azarias, R., Garcia, A. F., & Garlejo, V. G. (2022). Heirloom Food Preservation Techniques and Languages of the Indigenous Peoples of Cervantes, Ilocos Sur, Philippines. Journal of Humanities and Social Sciences Studies, 4(1), 262–269. https://doi.org/10.32996/jhsss.2022.4.1.26
8. Bell, M. (2019). FORGIVING THE DEAD. Social Philosophy and Policy, 36(01), 27–51. https://doi.org/10.1017/s0265052519000281
9. Brando(2023).Igorot funeral traditions and burial customs.Igorotage. https://www.igorotage.com/blog/igorot-funeral-traditions
10. Camilot,D.,II.(2019).Research.Scribd. https://www.scribd.com/document/435834016/Research
11. De Vera, D. (2007). Indigenous Peoples in the Philippines A country case study. https://Https://www.iapad.org/wp-content/uploads/2015/07/Devera_IP_PHL.pdf
12. Dumanghi, M. (2007). Folktales and chants of Tadian, Mountain Province [Mountain Province State Polytechnic College—Tadian Campus]. https://mpspc.tripod.com/sitebuildercontent/sitebuilderfiles/folktalesandchantsoftadian.pdf
13. Entico,G.(2012,September 13).Philippine Literature Dung AW[Slide show].SlideShare. https://www.slideshare.net/gretchenentico/philippine-literature-dung-aw-presentation1
14. Etikan, I. (2016). Comparison of convenience sampling and purposive sampling. American Journal of Theoretical and Applied Statistics, 5(1), 1. https://doi.org/10.11648/j.ajtas.20160501.11
15. Ingel,M.L.,&Abaya,E.(2015).CULTURAL SCENARIOS IN THE ITNEG-ILOKO SUNG NARRATIVES OF TATA LUCIO.Google Scholar. https://www.pssc.org.ph/wp-content/pssc-archives/Aghamtao/2015/1-1%20INGEL%20ABAYA.pdf
16. Kurtney,J.(2024).BAYA-O.Scribd. https://www.scribd.com/document/709515149/BAYA-O
17. La Noire,B.(2018).Who Died:Redefining the elegy through Affect and Trauma W.Scholar. https://scholar.dominican.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1345&context=masters-theses
18. Lacondazo,D.G.M.,et.al(2023).BAMBOOKLET:Ang Wika at Kulturang Sudipenian sa Paghahabi ng Kawayan.Di-Nailathalang Tesis.ISPSC TAGUDIN CAMPUS.
19. SIPLAC,G.(2022).Isang Pag-Aaral At Pagsasalin Ng Mga Piling Elehiya Sa Filipino. http://www.mail.ijase.org/index.php/ijase/article/view/145/117
20. MANG-OSAN,O.(2012).Chanting Memories:Bangil as a Communication Practice in Karao,Bokod[Thesis,Benguet State University]. http://portal.bsu.edu.ph:8081/greenstone/collect/cariana/index/assoc/HASH8571.dir/doc.pdf
21. Mariano,F.,Mabasag,I.J.(2018).The Burial Practices of Kankana-ey in Man-atong,Suyo,Ilocos Sur.
22. Mejia,M.A.(2021).Ugnayan-ng-Wika-sa-Kultura-at-Lipunan.Scribd. https://www.scribd.com/presentation/539168416/Ugnayan-ng-Wika-sa-Kultura-at-Lipunan
23. Orosca, G. (2022). Varyasiyong Leksikal ng mga Salitang de Gulong ng Zamboanga del Norte. https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2023/01/1-IJAMS-JUNE-ISSUE-395-407.pdf
24. Rabang, R. E. P. (2019, May 19). The Leccio: Ethnicity and Indigeneity in the Ilokano's Observance of Semana Santa. https://journals.upd.edu.ph/index.php/humanitiesdiliman/article/view/6682
25. Salvania,R.M.(2015).Dalawang uri ng panitikan.Scribd. https://www.scribd.com/doc/253360969/Dalawang-Uri-Ng-Panitikan
26. Sierra.(2020).Ang lipunan at istrukturang panlipunan.Wordpress. https://mycurrentevent.wordpress.com/2020/05/19/ang-lipunan-at-istrukturang-panlipunan/
27. Smith,J.(2014).Lamenting loss:public and private grief in the elegies of Poe, Dickinson,Alcott,and Crane.In jewlscholar. https://jewlscholar.mtsu.edu/bitstreams/807bffbc-4520-431a-b0d7-83ee9b4409bc/download
28. Taneo, F. (2023). Lipunan, Kultura at wika. Scribd. https://www.scribd.com/document/628411417/Lipunan-Kultura-at-Wika

29. UNDP(2013).Fast Facts:Indigenous peoples in the Philippines. https://www.undp.org/philippines/publications/fast-facts-indigenous-peoples-philippines
30. Villarde,J.,&Vedana,V.M.D.(2018).Burial Practices of the Bagos in Pallogan,Tagudin,Ilocos Sur. Di-Nailathalang Tesis.ISPSC Tagudin Campus.

## VII. BIONOTE



Si Princess Mae O. Mercado ay nasa ikaapat na taon ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon Medyor sa Filipino sa Ilocos Sur Polytechnic State College, Tagudin Campus. Siya ay dating bise presidente ng kinabibilangang organisasyon na Tagapagtaguyod ng Literatura at Wika. Nakatanggap ng mga sertipiko mula sa mga dinaluhang webinar series ng Filipino English Ambassadors of Language and Literatures Society at International Society of Teachers Administrators and Researchers ukol sa pagsusulat ng pananaliksik. Ginawaran bilang 3rd Placer- Best in Paper sa nakaraang Research Congress ng Ilocos Sur Polytechnic State College. Sa kasalukuyan, ang kaniyang pananaliksik ay nakatuon sa pagsusuri sa proseso ng pagsasagawa ng elehiya/ baya-o na bahagi ng kultura.



Si Chrisma E. Padsing ay nasa ikaapat na taon ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon Medyor sa Filipino ng Ilocos Sur Polytechnic State College, Tagudin Campus. Bukod sa kanyang pagiging aktibo sa akademiko, siya ay naging miyembro o kasapi ng isang organisasyon sa kanilang departamento- ang Tanglaw Organization . Naging bahagi rin siya ng iba't ibang mga seminar at workshop ukol sa pagsusulat at pananaliksik. Nakatanggap ng parangal bilang 3rd placer- Best in Paper ang kanilang grupo sa nakaraang Research Congress sa buong ISPSC. Ang kanyang interes ay nakatuon sa pagsusuri ng mga isyung panlipunan, lalong lalo na sa iba't ibang kultura ng mga taong nasa upland municipalities. Sa pangkalahatan, marami na siyang mga natanggap na sertipiko sa kaniyang pakikilahok sa iba't ibang webinar o mga workshop na isinasagawa sa kanilang paaralan.



Si Gemmily C. Lomboy ay nasa ikaapat na taon ng kursong Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon Medyor sa Filipino ng Ilocos Sur Polytechnic State College, Tagudin Campus. Bukod sa kanyang pagiging aktibo sa akademiko, siya ay naging kasapi ng isang organisasyon sa kanilang departamento- ang Tanglaw Organization. Naging bahagi ng "World Language Month 2023 Conference" webinar series, na nakatuon sa "Indigenous Languages": Ang mga aspeto ng kanilang Paglikha at Preserbasyon bilang Pamana ng mga Wika. Nakatanggap ng labing-apat na sertipiko mula sa pakikilahok sa mga serye ng webinar at naging 3rd placer- Best in Paper sa nakaraang Research Congress sa buong ISPSC.



Si Joan L. Bunias ay nasa ikaapat na taon ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasypn Medyor sa Filipino sa Ilocos Sur Polytechnic State College, Tagudin Ilocos Sur sa taong 2024. Siya ay aktibong miyembro ng kanilang organisasyong Tagapagtaguyod ng Literatura at Wika. Nakilahok sa mga webinar series na nakatuon sa mga paksang pang-kultura at wika at nakatanggap ng mga sertipiko. Nakibahagi din sa naturang Research Congress sa buong paaralan ng Ilocos Sur Polytechnic State College at ginawaran bilang 3rd Placer- Best in Paper.